DepEd Advisory No. 161, s. 2014
April 4, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO NG UNIBERSIDAD NG PILIPINAS VISAYAS (UPV)

Ang Sentro ng Wikang Filipino (SWF) ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas (UPV) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar sa Filipino* na may paksang *Wika at Mass Media: Pagtuturo at Pagkatuto* na gaganapin mula ika-7 hanggang ika-9 ng Mayo 2014 sa Faith Village Conference Center, Boracay.

Layunin ng pambansang seminar-workshop na ito ang mga sumusunod:

1. mapalago ang kasanayan at kagalingan sa pagtuturo at pagkatuto sa wika at *mass media* ng mga guro;
2. makapaglahad ng mga maunlad na inobasyon at estratehiya sa pagtuturo gamit ang *mass media*; at
3. mapahalagahan ang mga rehiyunal na wika, literatura at kultura sa larangan ng edukasyon.

Ang mga imbitadong kalahok ay mga titser, superbisor, instraktor at propesor sa Filipino, Literatura, Humanidades, Agham Panlipunan at mga nagtuturo ng *mass media* at mga kursong pangbrodkast mula sa mga pribado at pampublikong paaralan.

Para sa karagdagang kaalaman maaaring tumawag kay:

Prof. Jose Julie E. Ramirez
Program Direktor
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Visayas
Lungsod Iloilo
Telepono Blg.: (033) 337-0550
Mobile Phone Blg.: 0930-231-8716; 9027-286-9778
Email Address: upvswf@yahoo.com

Alma/DA pambansang seminar sa Filipino UPV
0273-April 3, 2014